

ILANG IMPORMASYON SA

Mga Pagbabago sa Insurance sa NY State of Health sa Panahon ng Emergency na Dulot ng Coronavirus



Huwag hayaang wala kang saklaw.

Ang NY State of Health ay ang opisyal na Marketplace ng plan sa kalusugan ng New York.

Narito kami para tumulong.

Mag-apply Ngayon.



Online sa nystateofhealth.ny.gov



Sa pamamagitan ng telepono sa
1-855-355-5777
TTY: 1-800-662-1220



Makipag-ugnayan sa isang Tagagabay sa Pagpapatala (Enrollment Assistor) sa info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/ relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

Mahalaga ang pagkakaroon ng insurance sa kalusugan. Lalo na sa panahong ito.

Nagsagawa ang NY State of Health ng maraming hakbang para tulungan ang mga taga-New York na walang saklaw o nawawalan ng saklaw na base sa employer.

Mga Madalas Itanong:

Mga Pagbabago sa Kita at Pagkawala ng Saklaw mula sa Employer:

Ano ang dapat kong gawin kung nawalan ako ng saklaw sa insurance sa kalusugan mula sa employer o hindi ko kayang bayaran ang COBRA na inaalok ng aking employer?

- Maaaring kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad sa saklaw sa insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng NY State of Health, o maaaring kwalipikado ka para sa libreng saklaw.
- Huwag ipagpaliban ang pag-apply. Dapat kang mag-apply sa loob ng 60 araw mula ng nawalan ka ng iyong saklaw para tiyaking makakapagpatala ka sa saklaw sa taong ito.

Ano ang dapat kong gawin kung nabago ang aking kita at nakatala na ako sa saklaw sa pamamagitan ng NY State of Health? Maaari ba akong makakuha ng higit pang tulong sa pagbabayad ng aking saklaw?

- Maaaring kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad para sa iyong saklaw. I-update sa iyong account ang bago mong kita sa loob ng 60 araw ng pagbabago. Maaaring kwalipikado ka para sa higit pang pinansiyal na tulong na makakapagpababa sa halaga ng iyong saklaw.

Mga Opsiyon sa Insurance sa NY State of Health sa Panahon ng Emergency na Dulot ng Coronavirus

Ano ang Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (Batas sa Tulong, Ayuda, at Ekonomikong Panseguridad ukol sa Coronavirus, CARES) Act?

Ang Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act ay ipinasa ng Kongreso at pinirmahan bilang batas ni Presidente Trump noong Marso 27, 2020. Isinabatas ang pang-ekonomiyang package ng tulong na \$2.2 trilyon para protektahan ang mga Amerikano sa mga epekto sa pampublikong kalusugan at ekonomiya ng COVID-19. Nagbibigay ang CARES Act na pang-ekonomiyang tulong para sa mga Amerikanong manggagawa, pamilya, at maliit na negosyo, at layunin nitong panatilihin ang mga trabaho para sa mga industriya sa Amerika.

BAGONG Mga Pederal na Kabayaran sa Kita/ Unemployment Compensation (Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho) sa Ilalim ng COVID:

Nakatanggap ako ng kabayaran mula sa pederal na CARES Act (karaniwang tinutukoy bilang stimulus payment). Itinuturing ba ang halagang ito bilang kita sa aking aplikasyon sa NY State of Health?

- Hindi. Hindi itinuturing ang stimulus payment bilang kita para sa sinumang consumer ng NY State of Health. Makakatanggap ang mga kwalipikadong consumer ng isang beses na kabayaran mula sa U.S. Department of the Treasury (Departamento ng Inatang-Yaman ng U.S.). Ibinabahagi ang mga kabayang ito sa ilalim ng bagong pederal na batas, na kilala bilang CARES Act, na ipinatupad bilang pagtugon sa pandemya ng COVID-19. Makakatanggap ang mga kwalipikadong consumer ng isang beses na kabayaran na \$1,200 para sa bawat nasa hustong gulang at \$500 para sa bawat bata.

Nakakatanggap ako ng Pandemic Unemployment Compensation mula sa estado, dagdag pa sa aking mga regular na benepisyo sa trabaho. Dapat ko ba itong iulat bilang kita kapag nag-apply ako para sa insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng NY State of Health?

- Depende ito sa iyo. Ang mga kabayaran sa programang Pandemic Unemployment Compensation (\$600 kada linggo) ay itinuturing bilang kita sa ilang nakatala sa NY State of Health, pero hindi sa iba.
- Iulat ang iyong Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho dahil sa Pandemya (Pandemic Unemployment Compensation) kung:
 - Wala kang mga anak* sa iyong sambahayan, AT
 - Ang iyong taunang kita ay higit sa \$25,520 para sa isang indibidwal o \$34,480 para sa mag-asawa
- HUWAG Iulat ang iyong Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho dahil sa Pandemya (Pandemic Unemployment Compensation) kung:
 - Mayroon kang mga anak.*
 - Ang iyong inaasahang taunang kita ay mas mababa sa \$25,520 para sa isang indibidwal o \$34,480 para sa mag-asawa.
- Kung kailangan mong i-update ang iyong aplikasyon para idagdag ang Pandemic Unemployment Compensation bilang kita, handa ang mga Tagagabay at ang Serbisyo sa Customer ng NY State of Health para tulungan kang kumpletuhin ang iyong aplikasyon.

**Ang terminong "mga anak" ay nangangahulungang isang bata na wala pang 19 na taong gulang, o 19 at 20 kung full-time na mag-aaral.*

Mga Opsiyon sa Insurance sa NY State of Health sa Panahon ng Emergency na Dulot ng Coronavirus

Mga Panahon ng Palugit at Pagbabayad para sa Saklaw:

Nagpapatala ako sa Essential Plan (EP) at may buwanang premium na \$20. Kailangan ko bang gawin ang aking unang pagbabayad ng premium sa loob ng 10 araw para magsimula ang aking saklaw?

- Sa panahon ng emergency ng Coronavirus, bibigyan ka ng mga plan sa kalusugan ng mas mahabang panahon para gawin ang iyong unang \$20 na pagbabayad. Dapat kang makipag-usap sa plan sa kalusugan kung saan ka nakatala.

Nagpapatala ako sa isang Qualified Health Plan (QHP). Kailangan ko bang gawin ang aking unang pagbabayad ng premium sa loob ng sampung araw mula sa kung kailan nagsimula ang aking saklaw?

- Oo. Ang lahat ng nakatala sa QHP, kabilang ang mga nagbabayad ng buong premium at ang mga nakakatanggap ng mga advance premium tax credit (paunang kredito sa buwis sa premium, APTC) ay kinakailangang gumawa ng kanilang unang pagbabayad ng premium para magsimula ang kanilang saklaw. Maaaring pahabain ng ilang plan ang 10 araw na panahon. Dapat kang makipag-usap sa plan sa kalusugan kung saan ka nagpapatala.

Nakatala na ako sa isang Qualified Health Plan at nakakakuha ako ng tulong sa pagbabayad sa saklaw sa mga APTC. Gaano katagal ko dapat bayaran ang aking buwanang premium?

- Sa panahon ng emergency ng Coronavirus, ang panahong kailangan mo para bayaran ang iyong buwanang saklaw, na tinatawag na “panahon ng palugit”, ay pinahaba mula sa 90 hanggang 120 araw. Hindi mo kailangang ipakita na mayroon kang kagipitan sa pananalapi para maging kwalipikado sa pinahabang panahon ng palugit. Ipapakita sa invoice na matatanggap mo mula sa iyong plan sa kalusugan ang mga takdang petsa ng iyong pagbabayad.
- Kung hindi mo mababayaran ang iyong premium sa 120 araw na panahon ng palugit na ito, maaaring tapusin ng iyong plan sa kalusugan ang iyong saklaw sa ika-60 araw ng panahon ng palugit at hindi ka magkakaroon ng saklaw para sa anumang serbisyong gagamitin mo pagkatapos ng petsang iyon at maaaring hindi ka makakuha ng saklaw para sa nalalabing panahon ng taon, maliban kung mayroon kang kwalipikadong pangyayari sa buhay na magdudulot ng SEP.
- Kung nagkakaroon ka ng kahirapan sa pagbabayad para sa iyong saklaw, makipag-ugnayan sa NY State of Health, o makipag-usap sa iyong plan sa kalusugan. Maaaring mayroong mas abot-kayang opsyon para sa iyo.
- **Paalala:** Naglabas ang NYS Department of Financial Services (Departamento ng Mga Serbisyong Pinansiyal ng NYS) ng [gabay](#) para sa mga indibidwal na nagbabayad ng buong premium para sa saklaw. Kailangan ang katibayan ng kahirapan dahil sa COVID-19 para sa populasyong ito.